Alam mo ba na may mga diskuwento sa serbisyo sa telepono para sa mga may mababababang-suweldo?

Ang California Lifeline ay nagbibigay ng diskuwento sa serbisyo sa telepono para sa mga kuwalipikado dito. Maaari kang makatanggap ng diskuwento alinman sa telepono sa bahay o sa serbisyong “wireless” pero hindi maaaring sa dalawa sa magkasabay na oras o panahon.

Para lalong mapag-alaman tungkol sa California Lifeline:
Tumawag sa inyong lokal na kumpanya ng telepono at mag-tanong tungkol sa California Lifeline o pumunta sa www.californialifeline.com

California Public Utilities Commission

Telecommunications Education and Assistance in Multiple-Languages (TEAM) Program

www.cpuc.ca.gov/team-and-changes

cabteamandchanges@cpuc.ca.gov

If you are not able to resolve your dispute with your service provider, call the Consumer Affairs Branch (800) 649-7570

Mga paala-ala sa pagpili ng serbisyo sa “cell phone”

KOMISYON NG CALIFORNIA SA MGA GAMIT PAMPUBLIKO

Walong (8) paala-ala

1 Pumili ng tamang plano para sa iyo

Ang mga plano ay maaaring kasama ang kumbinasyon ng “voice, texting, at data services.” Ang mga kumpanya ay nagbibigay ng limitado o di-limitado na tasa ng mga minuto sa “voice airtime”, text messages at data” na magagamit sa partikular o kahit anong oras. Tanungin ang halaga ng bawat isang plano.

2 Ang iyong pagsubok sa serbisyo

Alamin ang haba ng panahon upang masubukan ang mga katangian, serbisyo at ang “coverage area” na di kailangang bayaran ang “early termination fee” kung sakaling kanselahin mo ang serbisyo.

3 Mga alternatibo para sa pang-mahabaang kontrata

Magtanong tungkol sa buwanan o “pay as you go” na mga plano. Magtanong tungkol sa kung ilang minuto ang panimula at kung paano at kailan dapat bumili ng karagdagang mga minuto.

4 Alamin ang tungkol sa “roaming”

Ang mga kargo ng roaming ay maaaring ibigay kung ikaw ay gumagamit ng telepono sa ibang tagadala ng network. Dapat mong malaman na maaaring mahal ang mga kargo na ito. Alamin kung ang mga kargo ng roaming ay ibibigay, kung paano mo malalaman na ikaw ay nasa “roaming” at kung ang lahat ng mga serbisyo ay ibibigay habang ikaw ay nasa “roaming.”

5 Mga Aparatong Mobile

Magtanong kayo tungkol sa presyo ng isang aparato at kung nag-iiba ang mga presyo depende sa kung may kasamang kontrata o wala. Itanong din kung nangangailangan ang aparato ng natatanging serbisyo.

6 Ang mga gamit na “mobile”

Itanong ang halaga ng gamit at kung ang halaga ay mag-iiba kung kukuhanin na may kontrata o wala. Itanong din kung ang gamit ay mangangailangan ng serbisyo.

7 “Downloading” ng ibang mga katangian

Kung lilipat ka ng mga kumpanya ng telepono, maaari mong panatilihin ang iyong numero. Mas magandang lumipat pagnatapos ang iyong kontrata, kung hindi maaari kang magbayad ng 'kargo dahil sa maagang pagtapos.” Maaari ka ring bumili ng bagong cell phone dahil karamihan nito ay gumagana lamang sa partikular na network ng kumpanya.



8 Alamin ang iyong mga Kargo

Humingi ng halimbawang kuwenta na nakasaad ang iyong babayaran sa bawat buwan. Dapat mong malaman ang “activation fees,” mga buwis at iba pang mga kargo.